REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 01-333**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGPASOK SA KONTRATA SA V. C. VERA CONSTRUCTION PARA SA PROYEKTONG *"COMPLETION OF LIBRARY BUILDING"* SA MUNTINLUPA NATIONAL HIGH SCHOOL, NBP RESERVATION, POBLACION, LUNGSOD NG MUNTINLUPA, SA HALAGANG TATLONG MILYON TATLONGDAAN SIYAMNAPU'T LIMANG LIBO DALAWANDAAN DALAWAMPU'T ANIM NA PISO *(P3,395,226.00)* NA KUKUNIN SA 20% COMMUNITY DEVELOPMENT FUND, UNDER THE 2001 EXECUTIVE BUDGET.**

**************************************************************************

Nagpanukala:
***Kgg. Aldrin L. San Pedro***
***Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Mggl. Jo Jason T. Alcaraz***
***Kgg. Bal Niefes***
***Kgg. Nicanor L. Echavez, MD***
***Kgg. Victor L. Ulanday***
***Kgg. Dante S. Almario***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang proyektong ***"Completion of Library" sa Muntinlupa National High School, NBP Reservation, Poblacion,*** *Lungsod ng Muntinlupa* ay isa sa mga pangunahing Pagawaing Bayan ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay nagpalathala at nagpaskil ng Paanyaya sa Tawaran noong ***10, 17 at 24, ng Disyembre* 2000,** ayon sa itinatadhana ng batas sa pagpapagawa ng proyekto;

**SAPAGKAT,** sa *Pampublikong Tawaran* na ginanap noong **12 Enero 2001**, sa **Audio Visual Room, City Hall Building,** tatlong (3) akreditadong kontratista ang nagsumite ng ***"bid"***. Ito ay ang mga sumusunod:

| CONTRACTOR | BID AMOUNT | VARIANCE % to AAE | % to ALGUE |
|---|---|---|---|
| **VICVERA CONSTRUCTION** | **P3,596,487.88** | **105** | **102** |
| *MDL RESORT CONSTRUCTION* | P3,600,000.00 | 106 | 102 |
| *AESTHETIC* | *P3,665,674.80* | *107* | *104* |

**SAPAGKAT,** ang halaga ng proyekto batay sa *Approved Agency Estimate (AAE)* ay Tatlong Milyon Tatlongdaan Siyamnaraan Limampu't Limang Libo Dalawandaan Dalawampu't Anim na Piso at 16/100 ***(P3,395,226.16)*** ang *Allowable Local Government Unit Estimate (ALGUE)* ay Tatlong Milyon Limandaan Pitong Libo Siyamnaraan Pitumpu't Tatlong Piso at 53/100 ***(P3,507,973.53);***

**SAPAGKAT,** matapos pag-aralan ang rekomendasyon ng *Lupon ng Prekuwalipikasyon, Pagtatawaran at Paggagawad* (PBAC) at masusing pagsisiyasat sa mga isinumiteng dokumento, pinagpasiyahan na pahintulutan ang Punonglungsod na ipagawa ang proyekto sa ***V.C. Vera Construction*** sa halagang Tatlong Milyon Tatlongdaan Siyamnapu't Limang Libo Dalawandaan Dalawampu't Anim na Piso ***(P3,395,226.00);***

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng *Sangguniang Panlungsod* na ***bigyan ng kapangyarihan*** ang Punonglungsod, Mggl. Jaime R. Fresnedi na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa kontrata sa ***V.C. Vera Construction*** para sa proyektong *"Completion of Library Building" sa Muntinlupa National High School, NBP Reservation, Poblacion, Lungsod ng Muntinlupa,* sa halagang ***Tatlong Milyon Tatlongdaan Siyamnapu't Limang Libo Dalawandaan Dalawampu't Anim na Piso (P3,395,226.00)*** na kukunin sa 20% Community Development Fund, under the 2001 Executive Budget.

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **19 Pebrero 2001,** sa ginanap na ika-**11** Natatanging Pulong.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

*Pahina 3*
*Kapasiyahan Bilang 01-333*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sang. Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUNAYAN:**

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Pangalawang Punong Panghapagang Mayorya/ Tumayong Tagapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

*Petsa:* _______